on a journey

# Makiisa

WEEK 1

## WARM-UP

- Ano ang isang pagkain o libangan na hindi mo pagsasawaan? Bakit?
- Paano mo malalaman na ang isang tao ay kaibigan mo?
- Ikuwento ang isa sa pinakanakakagulat o pinakapinaghandaang bagay na ginawa mo para sa isang tao.

## WORD

*41 Marami ang naniwala sa kanyang mensahe at*
*nagpabautismo agad sila. Nang araw na iyon, mga*
*3,000 tao ang nadagdag sa mga mananampalataya.*
*42 Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo*
*ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid,*
*sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin.*

**MGA GAWA 2:41,42**

Sa pinakasimula ng Kanyang pagmiministeryo, inanyayahan ni Jesus ang mga ordinaryong tao na sumunod sa Kanya (Mateo 4:19). Ang paanyaya para sa mga una Niyang disipulo ay isang pagtawag na sumunod sa Kanya, mangisda ng mga tao, at makipag-ugnayan sa iba pang sumusunod din kay Jesus. Nangangahulugan din ito na sila ay nasa isang paglalakbay upang magpatuloy at sumunod sa Kanya kasama ang iba pa, nang may kagustuhan na iwan ang lahat habang pinipili nila ang layunin ng Diyos para sa kanila. Ang isa sa mga naunang tumanggap ng imbitasyong ito ay si Pedro. Mula sa pagiging mangingisda, siya ay naging matapang na tagapangaral ng ebanghelyo. Iniwan niya ang buhay na nakasanayan niya upang ilaan ang kanyang sarili sa pagsunod kay Jesus. At dahil inilaan niya ang kanyang buhay sa layunin ng Diyos para sa kanya, maraming tao ang sumunod din sa Diyos. Tignan natin ang buhay ng mga naunang disipulo upang malaman natin kung saan natin dapat ilaan ang ating debosyon.

## 1 Pag-aaral ng Itinuturo ng mga Apostol

*Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin.* **MGA GAWA 2:42**

Sa kuwentong ito, ang mga tagasunod ni Jesus ay mga bagong mananampalataya na naidagdag sa iglesya matapos maantig ang kanilang mga puso ng pangangaral ni Apostol Pedro. Ikinuwento niya sa kanila ang naging buhay, sakripisyo, at muling pagkabuhay ni Jesus. Nagpatuloy ang mga apostol sa pagtuturo sa kanila na sumunod sa lahat ng ipinag-uutos sa kanila ni Jesus (Mateo 28:20). Upang maging masigasig na tagasunod ni Jesus, kailangan nating malaman kung ano ang sinasabi at ipinag-uutos Niya, at sundin ang mga ito. Malalaman natin kung ano ang mga utos na ito sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya, kung saan nakasulat ang koleksyon ng mga itinuro ni Jesus sa Kanyang mga apostol. Nakasanayan mo na ba ang magbasa ng Bibliya? Paano ka nito natulungan na sumunod sa mga ipinag-uutos ni Jesus?

## 2 Pagtitipon Bilang Magkakapatid

*Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin.* **MGA GAWA 2:42**

(Basahin din ang **MGA GAWA 2:43–47.**)

Ayon sa kaugalian sa kanilang kultura, ang paghahati ng tinapay ay nangangahulugan ng magandang ugnayan sa isa't isa. Ang pagsasalo-salo sa pagkain ay hindi lamang nangangahulugan ng pagsasama-sama sa oras ng pagkain kundi ng pagkakapatiran. Dahil hindi madali ang sumunod kay Jesus, ang mga ganitong ugnayan ay nakatutulong upang tayo ay magpatuloy sa Kanya. Kailangan natin ng ibang tao na magpapalakas ng ating kalooban, sa pamamagitan ng kanilang buhay at salita, upang magawa natin kung ano ang sinasabi Niya at tuparin ang layunin Niya sa ating buhay. Habang nakikipag-ugnayan tayo sa ibang tao, naaalala din natin ang mga pangako ng Diyos sa gitna ng abala at kadalasan ay

nakapanlulumong mundo. Ano ang ilan sa mga benepisyo ng pakikipag-ugnayan sa iba na naranasan mo?

## 3 Pananalangin

*Naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin.* **MGA GAWA 2:42**

Ang mga disipulo ay naging masigasig din sa pananalangin. Ang panalangin ay paraan natin ng pakikipag-usap sa Diyos. Ito ay paraan ng pakikipag-usap at paghahangad sa Kanya at sa kagustuhan Niya sa buhay natin. Habang nakikipag-usap tayo sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin, lumalakas ang ugnayan natin sa Kanya sa paraang katulad ng pagtibay ng relasyon natin sa ibang tao sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanila. Subalit ang pananalangin ay hindi natin dapat na ginagawa tuwing oras lamang ng pangangailangan o sa tuwing tayo ay sinasabihan na gawin ito. Ayon sa 1 Tesalonica 5:16–18, paano tayo dapat manalangin?

## APPLICATION

- Paano mo ipinapakita ang debosyon mo sa Diyos? Alin sa tatlo (pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, pagtitipon bilang magkakapatid, at pananalangin) ang mas kailangan mo pa at ano ang maaari mong gawin upang mas makasanayan pang gawin ito?
- Basahin at pag-isipan ang Mga Gawa 2:41-47 ngayong linggo. Paano ka matutulungan at mahihikayat ng paraan ng pamumuhay ng mga disipulo na maging mas masugid na tagasunod ni Cristo?
- Sino sa mga kapamilya at kaibigan mo ang maaari mong hikayatin na sumunod kay Jesus? Mangakong makikipagkita at magbabahagi ng ebanghelyo sa kanya ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagtawag sa atin na sumunod sa Kanya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Ipanalangin na habang sumusunod ka sa Kanya, iaayon Niya ang mga naiisip mo sa Kanyang plano at layunin sa buhay mo.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng mga taong makakatulong sa iyo na sumunod sa Kanya. Hingin ang kakayahan na bumuo ng mga ugnayan sa kanila at mamuhay nang kasama sila.
- Ipanalangin na buksan ng Diyos ang puso ng mga tao na nais mong bahaginan ng ebanghelyo. Ipanalangin na ipaalam Niya sa iyo kung ano ang dapat mong sabihin sa kanila.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph